*PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE*
**News and Information Bureau**

**PRESS BRIEFING OF ACTING PRESIDENTIAL SPOKESPERSON**
**CABINET SECRETARY KARLO NOGRALES**
**February 28, 2022 (12:08 P.M. – 1:06 P.M.)**

**CABSEC NOGRALES:** Magandang tanghali po sa ating mga kababayan at sa Malacañang Press Corps.

Bukas, a-uno ng Marso 2022, ay ang siyang unang araw ng implementasyon ng Alert Level 1 sa Metro Manila at sa tatlumpu't walo (38) pang mga lugar sa Pilipinas.

Sa mga lugar na nasa Alert Level 1, salamat po sa inyong kooperasyon at pagsunod sa minimum public health standards, pakikipag-bayanihan para makapagpabakuna o magpa-booster at sa mga sakripisyo na inyong inialay malampasan lamang natin itong pandemya. Nakarating po tayo dito dahil sa inyong lahat.

We are seeing the same levels of cooperation in other areas and observing the same patterns of progress even in areas that are still under Alert Level 2, and if these are sustained, we are confident that more areas in the country will be placed under Alert Level 1.

To recap po, anu-ano nga ba ang mga kondisyon na ginamit para maibaba sa Alert Level 1 ang isang lugar? Una, minimal hanggang low risk classification. Pangalawa, kailangang mas mababa sa 50% ang total bed utilization. Pangatlo, kailangang 70% ng target population ng isang lugar ay fully vaccinated. Pang-apat at panghuli, kailangang 80% ng target A2 population ng isang lugar ay fully vaccinated.

That being said, please allow me to reiterate what we announced yesterday: Metro Manila and 38 other areas will now be under Alert Level 1 starting tomorrow, March 1, 2022, until March 15, 2022.

Isa-isahin po natin ang mga lugar na ito: Abra, Apayao, Baguio City at Kalinga sa Cordillera Administrative Region; Dagupan City, Ilocos Norte, Ilocos Sur, La Union at Pangasinan sa Region I; Batanes, Cagayan, City of Santiago, Isabela at Quirino sa Region II; Angeles City, Aurora, Bataan, Bulacan, Olongapo City, Pampanga at Tarlac sa Region III; Cavite at Laguna sa Region IV-A; Marinduque, Puerto Princesa City at Romblon sa Region IV-B; at Naga City and Catanduanes sa Region V.

Samantala, sa Visayas, nasa Alert Level 1 din simula March 1, 2022 ang Aklan, Bacolod City, Capiz and Guimaras sa Region VI; Siquijor sa Region VII; at Biliran sa Region VIII.

Samantala, sa Mindanao, ang Zamboanga City sa Region IX; Cagayan de Oro City at Camiguin in Region X; at Davao City sa Region XI.

Makikita naman sa inyong screen ang mga lugar na nasa Alert Level 2, ayan po.

Mahigpit pong paalala sa lahat: Ipagpatuloy pa rin po ang pagsusuot ng face mask sa loob at labas ng mga pampublikong lugar at masisikip na kinaruroonan kahit Alert Level 1, maliban na lamang kung kumakain o umiinom, naglalaro ng sports sa lugar na may sapat na bentilasyon tulad ng high-ceiling courts, at nag-iehersisyo sa labas where physical distancing can be maintained.

Luluwag po ang mga patakaran sa mga lugar na nasa ilalim ng Alert Level 1. Ang lahat ng opisina, pribado man o gobyerno ay maaari nang mag-operate ng 100% capacity. Para magkaroon ng malusog at ligtas na workplaces, kailangang aktibo ang safety and health officer, may contingency plan kayo; may good air exchange na naaayon sa DOLE guideline; sumusunod sa hand hygiene at may maayos na sanitation facilities; sapat ang visual cues at signages; may mekanismo para sa agarang care and referral; may nakatalagang structures para sa active transport; smoke-free at vape-free na mga pinagtatrabahuhang lugar; nakahandang tumugon sa mental health at psycho-social care concerns; at mayroong health and safety education materials.

Sa mga lugar ng trabahong nasa ilalim ng Alert Level 1 pa rin, hindi na po nirirekomenda ang pagkakaroon ng foot baths, disinfection tent, misting chambers or sanitation booths, temperature checking bago makapasok at pagsulat sa health declaration form. Dahil sa ating pakikipagtulungan, maaari na nating luwagan ang mga nakasanayang mahigpit na patakaran. Samantala, optional naman ang paglalagay ng plastic barriers, paggamit ng digital apps tulad ng StaySafe, pagpapatupad ng Alternative Work Arrangements, at pagpaskil ng Safety Seal.

Dahil 100% ang work capacity, ang mga pampublikong sasakyan ay papayagan na ring mag-operate ng 100% capacity kung ang biyahe ay sa mga lugar na nasa Alert Level 1 lamang.

Tanong: Paano kung magkaiba ng Alert Level ang dalawang lugar? For public land transportation, ang susunding kapasidad ay iyong mas limitado ang pinapayagang sakay na pasahero. Halimbawa, kung ang bus ay galing sa isang lugar Alert Level 2 at papunta sa lugar na nasa Alert Level 1 or vice-versa, ang mas mahigpit na patakaran ng Alert Level 2 ang susundin. Again, this is for public land transportation.

Samantala, para naman sa aviation, maritime at rail public transport, operating in and out of Alert Level 1 areas, the passenger capacity will be at 100%.

Kaugnay pa rin sa pampublikong transportasyon sa Alert Level 1, iyong "No Vaccination, No Ride Policy" will not be implemented sa Alert Level 1 areas. Hindi na rin required ang S-PaSS, o iyong Safe, Swift, and Smart Passage para sa interzonal travel.

Naka-flash po sa inyong screen ang mga establisyementong aking tinutukoy. Isa-isahin po natin:

1. In-person religious gatherings; gatherings for necrological services, wakes, inurnment and funerals for those who died of causes other than COVID-19 and for the cremains of the COVID-19 deceased;
2. Lahat ng indoor dine-in services of food preparation establishments katulad ng kiosks, commissaries, restaurants and eateries.
3. Para naman sa outdoor or al fresco dining at take-out channels, hindi na kailangan ng proof of full vaccination;
4. Lahat ng indoor personal care or personal care establishments gaya ng barbershops, hair spas, hair salons, and nail spas, aesthetic/cosmetic services or procedures, make-up services, salons, spas, reflexology and other similar procedures including home service options;
5. Fitness studios, gyms at mga venues para sa exercise at sports, ayan po, kailangan pa rin ng proof of full vaccination kapag disi-otso pataas;
6. Lahat ng indoor cinemas or movie houses operating at full capacity;
7. Meetings, incentives, conferences, exhibition events and permitted venues for social events such as parties, wedding receptions, engagement parties, wedding anniversaries, debut and birthday parties, family reunions, and bridal or baby showers;
8. Venues with live voice or wind-instrument performers and audiences tulad ng karaoke bars, clubs, concert halls at theaters;
9. Indoor ancillary establishments sa mga hotel at iba pang accommodation establishments;
10. Venues for election-related events.

Update naman po sa estado ng ating pagbabakuna. Mayroon na tayong 135,479,183 na total doses administered as of February 27, 2022. Nasa mahigit 68.7 million na ang naka-first dose, habang nasa mahigit 63 million ang naka-complete dose, o fully vaccinated, ayon sa National COVID-19 Vaccination Dashboard. Nasa mahigit 10.1 million naman ang nakatanggap ng booster/additional doses.

Pumunta naman tayo sa COVID-19 update. Patuloy ang pagbaba ng mga bagong kaso. Ayon sa February 27, 2022 COVID-19 Case Bulletin ng DOH, nasa 1,038 ang mga bagong kaso ng COVID sa bansa. Sa bilang na ito, 91.5% po ang mild at asymptomatic. Samantala, ang positivity rate ay patuloy na bumababa na nasa 5% na lamang. Limang tao ang nagpu-positibo sa bawat isandaang nagpapa-test. A positivity rate of 5% and below is acceptable for the World Health Organization. Nasa 97% naman ang porsiyento ng mga gumaling, mahigit 3.5 million po ang naka-recover at gumaling mula sa karamdamang ito. Amin naman pong malungkot na ibinabalita na kahapon ay mayroong limampu't isang (51) pumanaw dahil sa virus na ito. Our fatality rate is currently at 1.54%, which is lower than the 2% global average.

Sa estado naman ng ating mga ospital, nasa below 27% na ang ating hospital care utilization rate.

Bago tayo pumunta sa mga tanong ng MPC, makakasama natin si Department of Health Undersecretary Maria Rosario Vergeire para magbigay ulat sa Alert Level 1.

Usec. Rosette, para po malinaw sa lahat, ibig bang sabihin ng Alert Level 1 ay tapos na ba ang pandemya sa mga lugar na ito? Paano, halimbawa, kung magkaroon ng bagong variant habang tayo ay nasa Alert Level 1? At pangatlo, anu-ano po ang mga pangyayaring puwedeng maghudyat sa pagbalik natin sa Alert Level 2 mula sa Alert Level 1? Usec. Rosette?

**DOH USEC. VERGEIRE:** Yes. Thank you very much, CabSec. Magandang hapon sa inyo. Magandang hapon din po kay GM Artes ng MMDA. Good afternoon to all of you and to Usec. Rocky.

CabSec, hindi po ako nag-prepare ng akin pong presentation for today but I just like to inform the public na unang-una po, iyon pong ating alert level system, kahit po tayo ay nag-deescalate na to Alert Level 1 is still in effect. So ibig sabihin po kung saka-sakaling dadating tayo sa punto na tayo po ay magkakaroon uli nang pagtaas ng kaso, kapag nakita ho natin na iyong utilization po ng ating mga ospital ay napupuno, iyan po ay magiging senyales po para sa atin na tayo po uli ay mag-elevate or mag-escalate sa higher alert level.

Ang magiging kaibahan na lang po sa previous alert levels natin would be that ito pong ating tinitingnan ngayon na pagpaplano for NAP 5, sa transition plan natin, tinitingnan natin na kung magtutuluy-tuloy po na milder form ang nagiging sakit dito po sa ating bansa at sa buong mundo, atin na pong ishi-shift ang ating pagpu-focus from the numbers to the utilization ng ating mga facilities specifically for severe and critical cases.

So ang atin pong pagbabantay, kapag nakita nating tumataas ang kaso, mas naka-focus tayo sa severe and critical at kung paano po mapupuno ang ating mga facilities, and that would be the signal for us to escalate to another higher level kung saka-sakali pong dumating sa punto na iyon.

Pangalawa, gusto ko lang ho din ipaliwanag sa ating mga kababayan, hindi pa ho tapos ang pandemya. Hindi pa rin po tayo dumarating doon sa sinasabi nating endemic state. Nandito po ngayon tayo sa lebel ng ating sitwasyon kung saan we are transitioning dito po sa gusto nating marating na new normal. Tayo po ay nagpiprepara, hindi po dahil naging Alert Level 1 na ay not preparing po tayo. Hindi rin po ibig sabihin na kapag sinabi nating wala pa tayo sa endemic state ay hindi na po tayo kailangang magbasta at magkaroon ng preparation across the different sectors of society. Ang endemic state po, hindi po nangangahulugan na wala na pong gagawing aksiyon ang ating gobyerno para maproteksiyunan ang ating mga kababayan.

Pangalawa, ang endemic state din hindi nangangahulugan na ang virus ay naging mas mild o ang virus ay nawala. Ang ibig sabihin po ng endemic state, ang virus ay nandiyan na, kasama na po natin dito sa ating buhay ngunit acceptable na po ang mga numero ng ating mga kaso, acceptable na rin po para sa ating society o para sa ating mga Pilipino na ito pong pagtaas ng

kaso o kaya ay pagkakaroon po ng mga pagkakamatay dahil sa COVID-19 ay acceptable na po sa atin.

So darating po tayo diyan na magiging predictable and manageable na po ang mga kaso sa ating bansa at pangalawa, makikita natin na halos ganoon na kataas ang bakunado sa ating bansa which can balance off the level of transmission of COVID-19. And kapag dumating po tayo sa punto na iyan, we can already say that it's endemic already. Sa ngayon we have deescalated to Alert Level 1, but we are keeping our safeguards para po tayo ay maproteksiyunan kung saka-sakali ngang mayroon pa rin pong pagtaas ng kaso because the virus is still circulating among us 'no.

Nakikita ho natin bagama't bumababa ang kaso, positivity rate is down pero alam natin may mga nagkakasakit pa. At kapag tayo po ay magbababa ng ating mga safeguards, halimbawa po bumaba ang atin compliance to minimum public health standards, nandiyan pa rin po ang posibilidad na maaaring tumaas ang kaso. Halimbawang may pumasok po uli na bagong variant dito po sa ating bansa na ito po ay makapag-cause ng transmission o hindi kaya ay severe forms of the disease, maaari po tayo uling magtaas ng ating alert level system.

So alert level system remains, pero it's going to be activated only kung kinakailangan kapag nakikita na ho natin na ang signals natin ay nandiyan na katulad nang pagtaas ng kaso specifically severe and critical and pagkapuno po ng ating mga facilities.

Over to you, CabSec.

**CABSEC NOGRALES:** Maraming, maraming salamat Usec. Rosette. Please stay on board for questions from the media.

Makakasama rin po natin ngayong araw na ito si MMDA General Manager Romando Artes. GM, anu-ano pong paghahanda ang ginagawa ng MMDA ngayong mag-a-Alert Level 1 na po sa Kalakhang Maynila? Aasahan ba natin ang muling pagbalik ng traffic sa EDSA?

**MMDA GM ARTES:** Opo. Magandang hapon po CabSec, kay Usec. Vergeire at kay Usec. Rocky at sa ating mga tagasubaybay.

Unang-una po, pagkatapos ninyo pong i-announce na ang NCR will be deescalated to Alert Level 1, agad po nating pinulong ang Metro Manila mayors kasama po si Sec. Charlie, si Sec. Vince, si Sec. Año at si Sec. Mon Lopez para po ilatag sa kanila iyong bago pong guidelines natin under Alert Level 1. Iyon po ay diniskas namin extensively, ang mga katanungan po ng mga NCR mayors ay nasagot naman po ng DOH, ng ating mga Cabinet Secretaries na nandoon po sa pulong kagabi at sinabi naman po nila na i-implement po nila fully itong mga bagong guidelines na ito.

Alam naman po natin, CabSec, na halos lahat ng bagong guidelines or protocols ay pina-pilot sa NCR at successfully nai-implement naman po. At siguro po, itong halos pa-endgame na po siguro tayo ay i-implement din po nila successfully.

Pangalawa po, mamaya po may meeting po tayo sa DOTr para po pag-usapan iyong pagbubukas po ng public transport. Nasabi ninyo po na 100% na ng capacity at sabi po nila bubuksan na rin po nila 100% iyong mga ruta ng mga pampublikong sasakyan.

Iyon po namang pagdami ng sasakyan, pinaghahandaan din po natin iyan; miniting na rin po natin iyong ating mga traffic enforcers. Iyong coding po, atin pong pag-aaralan after a week po siguro ng implementation ng Alert Level 1. Pag-aaralan po natin kung dapat na po siyang i-expand in relation po sa pagbabalik ng 100% capacity ng ating pampublikong transportasyon.

Iyon lamang po, CabSec.

**CABSEC NOGRALES:** Thank you, GM. Please, again, stay on board para sa mga katanungan mula sa mga kaibigan natin sa Malacañang Press Corps. At dahil po diyan, tumungo na po tayo kay Usec. Rocky para sa katanungan ng media

**USEC. IGNACIO:** Opo. Thank you, Secretary Karlo. Kay Usec. Vergeire, magandang hapon at kay GM Artes.

Una pong tanong mula kay Maricel Halili ng TV-5 for MMDA GM Artes: What will happen daw po to number coding scheme?

**MMDA GM ARTES:** Opo. Ang number coding scheme po na kasalukuyang ini-implement po natin ay nananatili – ito po ay Monday hanggang Friday, 5 to 8 P.M. Pero pinag-aaralan na po natin iyong posibilidad na i-expand po iyan sa 7 to 9 A.M. ng umaga dahil ayon po sa report ng aming mga traffic enforcers at sa atin pong datos ng Traffic Engineering Center, ang pagsisikip po ng daloy ng traffic sa mga kalsada ng Kamaynilaan ay nangyayari po ng ganitong oras. Ito rin po ay paraan para bigyan po ng pagkakataon iyong ating mga kababayan na pumasok sa kanilang trabaho nang mas maaga at makalabas po sa window period between 9 A.M. to 5 P.M.

Pero tulad ng nasabi ko, hindi po pa kaagad natin ito i-implement at ayaw po naman nating isabay sa unang araw nang pag-i-implement ng Alert Level 1 dahil iyan din po ang unang araw na magbubukas iyong pampublikong transportasyon. Titingnan po muna natin kung ano ang epekto nito, kung mayroong sufficient na transportation para po iyong mga iisa iyong sasakyan ay hindi na po makasama o makihalo pa sa pampublikong transportasyon, Usec. Rocky.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Thank you, GM Artes.

From Rose Novenario ng Hataw: CabSec, ano po ang reaksiyon ng Palasyo sa hirit na limang pisong dagdag pasahe ng transport groups?

**CABSEC NOGRALES:** May proseso po tayo diyan 'no, nasa ilalim ng LTFRB at per report ng LTFRB ay mayroon na pong petisyon na nai-file – pinuproseso na po ng LTFRB at magkakaroon po ng hearing tungkol po diyan. So hayaan muna natin na dumaan sa proseso ng LTFRB.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Question from Rosalie Coz ng UNTV: Sec. Karlo, ano po ang reaksiyon ng Palasyo sa panawagang suspension ng excise tax sa gitna nang patuloy na pagtaas ng presyo ng mga produktong petrolyo, posible po ba ito? Marami na rin pong transport groups ang humihiling nga ng dagdag pasahe, puwede po ba silang mapagbigyan? Ano po ang latest directive ng Pangulo o ng Malacañang sa DOTr at LTFRB para po matugunan ang apelang ito ng mga tsuper?

**CABSEC NOGRALES:** Opo. May mekanismo naman po tayo tungkol diyan 'no, in that—kung magkakaroon ba ng ganiyang mga options, it will have to begin with the recommendation from the Department of Finance at iyan naman po ay—ang basis ng recommendation ay sa pakikipag-usap/dayalogo niya at pag-aaral at pagsusuri ng DBCC. At mula doon, from the DBCC and the Department of Finance, isasapinal ang kanilang recommendations at ibibigay kay Pangulong Duterte. At let's take it from there 'no, so iyan po iyong proseso na susundin natin.

**USEC. IGNACIO:** Thank you, CabSec.

**CABSEC NOGRALES:** Yes. Let's go now to Mela Lesmoras. Salamat, Usec. Rocky. Let's go now to Mela Lesmoras ng PTV.

**MELA LESMORAS/PTV4:** Hi. Good afternoon CabSec Nograles, Usec. Vergeire at GM Artes. Sir, unahin ko lang po question para if ever sa inyong tatlo. Sa panig lang po ng Malacañang, ng DOH at even ng MMDA, paano po kaya natin matitiyak naman na kahit nga mag-a-Alert Level 1 na iyong ilang lugar sa Pilipinas, paano natin matitiyak na hindi magkakaroon ng surge ng cases lalo na sa gitna po ng campaign period?

**CABSEC NOGRALES:** Well, una sa lahat, isinapinal din po namin kasabay na pag-release natin ng IATF resolution which identifies kung anong mga lugar ang Alert Level 1 'no at ano iyong mananatiling Alert Level 2, sinabay din po namin ang paglabas nang mas detalyadong guidelines, kung anong susundin nating mga guidelines for Alert Level 1. At makikita po natin doon sa guidelines na iyan na ang number one rule po ay hindi dapat tanggalin ang mask 'no, constant po iyan.

Kailangan naka-mask po tayo, well-fitted mask, make sure na lagi tayong naka-mask; at pangalawa po iyong bakuna 'no especially sa mga 3Cs areas 'no – iyong closed, crowded, close contact ang papayagan nating pumasok ay dapat iyong fully vaccinated po - 'pag disiotso pataas dapat fully vaccinated. So dapat ma-implement din po iyon, iyong requirement na iyon 'no.

And then para sa mga fully vaccinated din po, ang panawagan natin kasi lalung-lalo na sa Alert Level 1, for added protection, dagdag proteksiyon po, magpa-booster na po. Kahit fully vaccinated na kayo kung iyong boosters ay puwede na—puwede na kayong mag-boosters, qualified na kayong mag-boosters ay magpa-booster na po tayo 'no.

And then of course lahat noong protocols na dapat susundin natin sa lahat ng establisiyimento – whether private or public, whether sa office or workplace eh kailangan natin gawin - huwag nating kalimutan iyong PDITR 'no – Prevent, Detect, Isolate, Treat – nandiyan po lahat iyan – and Reintegrate 'no – PDITR strategies nandoon rin po sa guidelines, nakadetalye po iyan para hindi magkalituhan at hindi malimutan nang napakaimportanteng mga kailangan nating gawin na PDITR strategy under Alert Level 1.

Usec. Rosette, would you like to add?

**DOH USEC. VERGEIRE:** Yes. Thank you po CabSec and thank you Mela for that question. Gusto ko lang ho natin ipagbigay-alam sa ating mga kababayan, unang-una, na ito pong pagdi-deescalate natin to Alert Level 1, may ginagamit po tayong basis or metrics para masabi natin na ang isang lugar ay maaari na po nating bigyan ng ganoong alert level. Dahil naniniwala po tayo na kapag ang tao po o ang mga tao sa isang lugar ay bakunado, mas nakukontrol po ang transmission ng sakit.

Kaya po 'pag tiningnan ho natin, if you will observe, iyon pong metrics na ginawa po natin aside from the case trends at saka health care utilization, sinama pa ho natin ang vaccination. Hindi lamang po iyong pagbabakuna sa total population ng isang lugar, binigyang-diin po natin ang pagbabakuna sa ating mga senior citizens, the A2, na binigyan po natin ng target na dapat sila ay naka-reach ng 80% of their senior citizens vaccinated dahil ang mga nakakatanda, sila po talaga ang mas vulnerable sa malubhang sakit at puwedeng ikamatay nila itong COVID-19.

Pangalawa, gusto ko lang hong ibigay—paalam 'no sa ating publiko. I'd like to encourage everybody, nasa kamay po natin lahat para ma-sustain natin ito pong Alert Level 1 natin. Ayaw na po nating bumalik sa ating mga lockdowns, sa atin pong mga restrictions before so self-regulation is the key. In order for us to be able to sustain and continue on having this kind of lower alert level, lahat po tayo dapat tulung-tulong – tulungan natin ang gobyerno para tayo ay laging patuloy 'no na magkaroon nitong safety protocols na atin pong kinu-comply.

The government has set safety nets or safeguard para po kung sakaling ibaba nga sa Alert Level 1, mayroon pa rin ho tayong karagdagang proteksiyon sa ating mga kababayan. Katulad po ng mga nabanggit ni CabSec Nograles, ito po iyong mga inilagay natin katulad ng kailangan pa rin naka-mask palagian, kailangan bakunado ka kung papasok sa 3Cs 'no – iyong atin pong mga settings na mas nakakahawa ang sakit.

Kailangan po mayroon din ho tayong angking pagdidesisyon na kapag nakita natin na maramihan na ang tao, mga mass gatherings, tayo na po ang mag-self regulate. Kung sa tingin

natin hindi natin mapapatupad nang husto ang ating pag-mask o iyong physical distance na kailangan, tayo po ay pumunta lang doon sa mga talagang kailangan nating puntahan.

And again, our request to our local governments and of course iyon pong ating mga kandidato na sana po tayo ay tumulong din para masustina natin itong Alert Level 1 status dito po sa mga areas natin sa ating bansa.

**CABSEC NOGRALES:** Yes. GM, may gustong idagdag si GM about Metro Manila? Mga steps to be taken by—

**MMDA GM ARTES:** Opo. CabSec, tulad ng nabanggit ko kanina, ang mga local government units po naman ng Kamaynilaan ay handang ipatupad itong mga protocols na inilatag para sa Alert Level 1 – kasama na po diyan iyong mga activities in relation to campaign. In fact, CabSec, noon pong dalawang linggo na hiniling ng mga mayors ng Metro Manila na i-retain sa Alert Level 2 ang Kamaynilaan, ito po ay ginamit nila para paghandaan iyong deescalation to Alert Level 1. AT during this period, in-observe din po nila iyong mga posibleng epekto ng pangangampanya sa kani-kanilang lugar.

**PART 2 Q AND A/FEBRUARY 28, 2022**

**MMDA GM ARTES:** At alam naman po natin na may malalaking rallies or motorcades na ginawa sa NCR, at nakita naman po nila na kahit po may kaunting violation in so far as social distancing is concerned, iyon pa rin pong pagwi-wear ng mask ay naging epektibo naman po dahil nakita nila na kahit na may malalaking okasyon sa kanilang lugar, wala pong naging spike cases at patuloy pa rin pong bumaba iyong mga kaso.

So on the part naman po ng MMDA, iyong sa mga kumukuha po ng permit sa amin para sa mga rallies, niri-remind din po namin sila, iyong mga organizers at iyong partido na kumukuha ng permit na i-observe po iyong mga protocols para po huwag magkahawaan sa COVID. Cabsec?

**CABSEC NOGRALES:** Thank you, GM. Back to you, Mela.

**MELA LESMORAS/PTV:** Okay. And, Cabsec Nograles, tungkol naman po kay Pangulong Duterte, iyan nga, mag-a-Alert Level 1, ano po kaya iyong magiging schedule niya? At mamaya po ba ay magkakaroon po ba ng Talk to the People?

**CABSEC NOGRALES:** Opo, mamaya po ay may Talk to the People si Pangulo, so abangan na lang po natin. At makakasama ni Pangulong Duterte sa Talk to the People ang ilang mga piling Cabinet officials, especially mga Cabinet secretaries kung saan malaking bahagi ng jurisdiction ng kanilang department ang maaaring mangangailangan talaga ng close monitoring especially sa pag-shift natin to Alert Level 1. So abangan natin mamayang gabi.

**MELA LESMORAS/PTV:** Opo. At panghuli na lamang po, Cabsec. May isang ulat lamang po kani-kanina lamang na sa isang speech ni Senate President Tito Sotto in-announce niya na papayagan na ni Pangulong Duterte iyong suspensiyon ng lisensiya ng e-sabong operators. May impormasyon po ba tayo tungkol dito?

**CABSEC NOGRALES:** Abangan na lang din po natin iyan mamaya sa Talk to the People, or even before that kung mayroon kaming ilalabas na announcement.

**MELA LESMORAS/PTV:** Okay. Thank you so much po, Cabsec Nograles, Usec. Vergeire, GM Artes at Usec. Rocky.

**CABSEC NOGRALES:** Maraming salamat, Mela. Back to you, Usec. Rocky.

**USEC. IGNACIO:** Thank you, Sec. Karlo.

Tanong po mula kay Maki Pulido ng GMA News: Will the Philippines join other countries in condemning the Russian invasion on Ukraine? Similar question with Llanesca Panti of GMA News Online.

**CABSEC NOGRALES:** Kung mayroon pong official statement in that regard, abangan na lang po natin sapagkat ito ay magmula dapat sa ating Secretary of Foreign Affairs, unless si Pangulo na mismo ang magsasalita tungkol diyan. Kasi si Pangulo ang chief architect ng ating foreign policies, so it's either we hear it from the Secretary of Foreign Affairs or the President himself.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Basahin ko na lang po iyong follow up diyan – baka po mayroon kayong madagdag – ni Celerina Monte ng NHK: After Russia's attack on Ukraine, may we know President Duterte's position over the matter? Does the President support the position of his idol, President Putin, versus Ukraine? Or does he join the stands of other countries such as the US versus Russia?

**CABSEC NOGRALES:** Again, any statement with regard to foreign policy should emanate from the Secretary of Foreign Affairs or from the President himself. So abangan na lang po natin.

**USEC. IGNACIO:** From Pia Gutierrez ng ABS-CBN: May we clarify IATF's rules on requiring proof of vaccination to enter venues on election-related events? Does this mean only vaccinated individuals will be allowed to enter and cast their votes on polling centers on election day? COMELEC earlier said that even unvaccinated individuals can vote on the May 9 elections.

**CABSEC NOGRALES:** Well, as it stands now, iyong issuance ng IATF with regard to the updated guidelines for Alert Level 1 na sinabi po natin na kailangan fully vaccinated sa closed, crowded and close contact areas na kailangan fully vaccinated iyong pupunta doon kapag disi-otso pataas ang edad. Sa Number 9, nakalagay is election-related activities. So as it stands now, ang pinag-uusapan diyan ngayon are pre-election day, election-related activities.

Ngayon, ang IATF ay patuloy na makikipag-ugnayan at mag-coordinate with the COMELEC and we are confident that before election day itself ay magkakaroon din po ng mga karagdagang mga protocols ang procedures na ipapalabas ang COMELEC to ensure na safe ang election day po natin.

Again, this is also in fulfillment of our respect to COMELEC as an independent constitutional body na nasa kaniyang jurisdiction po ang pag-conduct ng elections.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Mula pa rin po kay Celerina Monte ng NHK: With the government's decision to place NCR and other areas under Alert Level 1 starting March, may we know its possible impact on the economy like its contribution to GDP and employment?

**CABSEC NOGRALES:** Yes, mamaya ay mas mapapaliwanag po ito ni Secretary Karl Chua ng NEDA. Presumably during the Talk to the People ay mapagbigyan din po siya ng pagkakataon na mas ma-project niya ano ang magiging epekto nitong Alert Level 1 sa ating ekonomiya.

That being said, with the new list of areas de-escalated to Alert Level 1 ayon sa NEDA and some areas being de-escalated to Alert Level 2 from Alert Level 3, some retaining in Alert Level 2, ang expectations po natin na additional is 9.4 billion pesos worth in economic activity per week, and 170,000 less unemployed individuals in the next three months kung tuluy-tuloy pa po itong pag-a-Alert Level 1 natin.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Sunod po niyang tanong: With the rising inflation and easing of government's restrictions, do you think it is high time also for the labor sector to seek for an increase on minimum wage?

**CABSEC NOGRALES:** Pagdating po sa topic on minimum wage, mayroon po tayong mekanismo diyan, iyong Regional Tripartite Wage and Productivity Board. So kailangan doon po natin idaan iyan sa ating mga wage boards at dumaan sa mekanismo po ng wage boards para ma-determine ang minimum wage levels per region.

**USEC. IGNACIO:** From Victoria Tulad ng GMA News for Usec. Vergeire: Bakit marami pa ring particularly seniors and those with comorbidities ang hindi pa fully vaccinated sa Metro Manila? Complacent na ba ang public? Ano po ang ginagawa ng DOH to address this?

**DOH USEC. VERGEIRE:** Yes, Usec. Rocky 'no. So unang-una po, we cannot equate naman na complacent ang public especially here in NCR. Kapag tiningnan po natin ang numero ng mga nababakunahan sa National Capital Region, more than pa po doon sa target nila ang nabakunahan ng NCR. They have a total population target for that 80 million ha, na mayroon po silang about 11.3 million na target sa NCR. Ang nababakunahan na po sa NCR is 11.5 million fully vaccinated individuals.

As to senior citizens naman po, ang NCR ay mayroon na po silang almost 85% na senior citizens na nabakunahan na; and those with comorbidities, 96% na po. Kapag tiningnan ho natin ang

datos ng National Capital Region, I think it is not really complacency, pero kailangan lang ho talaga nating suyudin ito pong ating mga komunidad sa NCR para makita pa natin iyong iba nating nakakatanda na maaaring hindi nakakalabas na ng bahay, kailangan nang puntahan para bakunahan.

Complacency in terms of vaccination, iyan po iyong tinitingnan natin ngayon. Hindi po complacency kung hindi po iyong pagbibigay ng oras especially for booster doses. Kapag tiningnan po natin ang ating accomplishment for booster doses, medyo hindi pa rin po mataas even here in NCR, at iyan po ang kailangan nating ipaalala sa ating mga kababayan. During this time that Omicron is here, nasabi na po ng ebidensiya, nasabi na po ng siyensiya, kailangan po natin ng additional dose or booster para mabigyan po tayo ng appropriate at adequate na proteksyon laban po sa variant na ito.

So hinihikayat po natin ang lahat: Magpa-booster dose na po tayo para po tayo magkaroon ng enough na proteksyon against this variant of concern that we now have here in the country.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Tanong pa rin po ni Victoria Tulad: Ano raw po ang bagong target for vaccination sa Metro Manila at sa buong bansa? Kaya po bang maabot ang deadline?

**DOH USEC. VERGEIRE:** Yes, it was already announced na ang atin pong bagong target para sa Metro Manila or sa buong bansa po is 80% of the eligible population. So kapag pinag-usapan ho natin ang eligible population, ito po iyong mga puwede na nating bakunahan.

So ibig sabihin, tatanggalin po natin sa total population ng bansa muna sa ating pag-estima iyon pong mga zero to four years old na mga bata dahil hindi pa po sila eligible to be vaccinated.

So, our target would be 80% of our total population less the zero to four years old population which is about eleven million. So kung susumahin, mga one hundred million ang 80% at tayo ngayon po ay nagkakaroon na po ng mas mataas na antas ng pagbabakuna at mararating po natin ito pong atin pong mga targets in the coming months sa tulong po ng ating mga local governments and of course our other sectors and private partners.

**USEC. IGNACIO:** Opo. From Wena Cos ng ABS-CBN: USec. Vergeire, kailan po mangyayari ang susunod na National Vaccination Days and ano po ang specific strategies to meet vaccination targets?

**DOH USEC. VERGEIRE:** Yes. USec. Rocky ‘no, so iyon pong susunod nating Bayanihan Bakunahan ay pinag-uusapan na po ngayon ng ating National Vaccine Operation Center together of course with our concerned units and local governments.

Atin pong tinitingnan kung magiging posible na magkaroon ng buwan-buwan na Bayanihan Bakunahan which helps us ramp-up vaccination efforts in all of the areas in the country. Ang pinag-uusupan ho ngayon would be the strategies that will be employed.

Napansin na ho natin during the last Bayanihan Bakunahan, mukhang exhausted na po iyong fixed vaccination site natin na strategy. So, ngayon po, mas papalawigin natin, mas magkakaroon po ng expansion nito pong pagbabakuna na maaari na po nating suyurin iyong mga areas na mahirap po mapuntahan o mayroon hong inaccessibility of services for health.

Iyan po iyong tinitingnan ngayon at pinag-uusapan at magbibigay po tayo ng anunsiyo sa ating publiko in the coming days.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Mula pa rin po kay Wena Cos ng ABS-CBN, kay Sec. Karlo and USec. Vergeire: Ano po ang plano at safeguards ng bansa if and when maapektuhan ng Russia-Ukraine conflict ang supply ng vaccines and other medical supplies ng bansa? Gaano kahanda ang ating healthcare system and pandemic response in the face of the Russia-Ukraine conflict?

**CABSEC. NOGRALES:** Well, right now, we're confident that we have enough vaccine supply now dito sa ating bansa. In fact, we are so confident na hinihikayat natin na ang lahat ng puwedeng magpa-booster ay magpa-booster na po.

So, na-secure na po natin ang mga kinakailangan nating supply na vaccines dito sa ating bansa but of course, ang next phase ng vaccination natin iyong sa pediatric. Iyon po iyong sine-secure na natin currently especially iyong five to eleven years of age.

But we're also very confident na whatever happens sa tensions happening now in Ukraine, with the international community also, will ensure that the vaccine supplies needed for the Philippines will not be hampered or delayed. Maybe USec. Rosette would also like to add.

**DOH USEC. VERGEIRE:** Yes. Thank you po, CabSec. And USec. Rocky.

Unang-una, katulad po ng sabi ni CabSec. Nograles, we have sufficient and enough supply of vaccines in the country. We already have existing vaccine supplies na 225 million po dito sa ating bansa. Nakapag-deploy na po tayo ng 171 million, mayroon pa rin ho tayong stockpile dito po sa ating mga warehouses.

Pangalawa, tungkol naman po sa mga ibang medical technologies katulad po ng mga gamot para po sa COVID-19, ang kagandahan po ng atin po noong nagkaroon tayo ng sitwasyon na Omicron dito sa ating bansa, kahit papaano po ay nagkaroon naman po tayo ng mga negotiations at commitment galing po sa manufacturers, nagkaroon tayo ng stockpiling. Iyan po ang tinatawag na we were able to prepare.

So hopefully hindi tayo maapektuhan, kung maapektuhan man, handa po ang ating healthcare system para po dito po sa mga kakailanganin natin kung saka-sakaling magkakaroon po ng ganitong epekto sa atin pong pagdi-distribute ng ating logistics.

**USEC. IGNACIO:** Opo. From Jena Balaoro ng GMA News: 100% capacity na rin ba sa mga sinehan, tabi-tabi ang mga tao sa upuan o magkakaroon ba ng guidelines ang movie houses para dito? Similar question with Lei Alviz ng GMA News.

**CABSEC. NOGRALES:** I suppose the question is for Alert Level 1 ano po.

So, under Alert Level 1, ang guidelines po natin para sa cinemas is that fully vaccinated individuals. Kung 18 years old and above, kailangan po fully vaccinated bago papasukin sa cinema house iyong 18 years old and above tapos dapat po naka-mask.

**USEC. IGNACIO:** Opo. From Jena Balaoro pa rin ng GMA News: Posible na ba ang face-to-face sa lahat ng eskuwelahan under new normal?

**CABSEC. NOGRALES:** Iyong sa face-to-face classes po, this is an on-going discussion dahil—for Alert Level 1, ang pinag-uusapan natin dito is Alert Level 1. So, this will be an ongoing discussion between DepEd, CHED, and TESDA.

Although sa previous naman po natin na guidelines before natin ini-release itong pinakabago, iyong previous guidelines naman po natin is allowed naman ang face-to-face classes in Alert Level 1 as permitted by the President.

So right now, tini-tweak na lang po at pina-finalize kung ano iyong additional guidelines na ilalagay natin for face-to-face classes for basic education, higher education and technical education.

**USEC. IGNACIO:** Opo. For USec. Vergeire mula pa rin po kay Jena Balaoro ng GMA News: Mayroon bang nagpahayag na testing centers na magsasara o magbabawas na ng tao ngayong mag- Alert Level 1 na sa maraming lugar?

**DOH USEC. VERGEIRE:** Wala pa naman ho tayong ganiyan na mga abiso galing sa ating mga laboratories, pero expectedly makikita ho natin na iyong iba po nating mga itinayo na mga ganitong laboratoryo ay babalik na po sa kanilang dati or normal na kanilang ginagawang mga operations.

Kasi iyong iba po nating RT-PCR lab ngayon, ni-repurpose lang po natin para sa COVID. Iyon pong kanilang laboratory ngayon puwede na uli gamitin para sa ibang sakit kapag nagtuluy-tuloy po ang pagbaba ng sakit dito po na COVID-19 sa ating bansa.

Pero I am advising all laboratories, please wait until the Department of Health can provide guidance kung kailan puwede ninyo pong isara na o kaya ay ma-repurpose na uli o mabalik na uli sa dating operasyon ang inyong mga laboratoryong ginawa para sa COVID-19.

Dahil wala pa po tayong sinasabing wala na ang virus. Nandito pa rin ang virus, patuloy pa rin po tayong magti-test although the demand of course at saka iyong requirements natin ay bababa or liliit pero hindi po talaga puwedeng totally na wala po tayong ganitong mga laboratoryo sa ating bansa.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Thank you, USec. Vergeire. Maricel Halili ng TV5, Sec. Karlo: Kung hindi na required ang StaySafe app and health declaration form, paano na po ang contact tracing? Does it mean na wala ng contact tracing?

**CABSEC. NOGRALES:** I think the question refers to sa Alert Level 1 'no. So, balikan natin iyong sa guidelines ng Alert Level 1 for contact tracing. Ang nakalagay, ang naka-specify po sa guidelines is individuals who tested positive for COVID-19 kapag Alert Level 1 shall inform their close contact para ma-trigger iyong response sa close contacts nila.

So, number one, kapag unvaccinated po iyong close contact nila ay agad dapat mag-quarantine 'no. Kapag vaccinated naman, fully vaccinated iyong close contact, dapat mag-symptoms monitoring, kapag magkaroon ng symptoms, isolate agad.

Iyong use ng health declaration form, paper-based contact tracings, ito paper-based 'no, iyong nagsusulat ka, not required for all agencies and establishments pagdating sa Alert Level 1.

Iyong StaySafe po which is an app or iyong digital contact tracing po natin is optional. So, ganoon po iyong magiging shift natin kapag Alert Level 1 pagdating sa contact tracing.

And then iyong ating mga establishments and employers should also include COVID-19 case reports doon sa kanilang workplace as part of work accident illness report form. So, sa workplaces, mayroon din pong responsibility or obligation ang mga employers to report the same kabilang sa work accident illness report.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Second question po ni Maricel Halili: Sec. Karlo, can LGU impose their own requirements for interzonal travel? Halimbawa daw po sa Baguio or Boracay, puwede ba silang mag-require pa rin ng pass?

**CABSEC. NOGRALES:** So, right now, the DILG is now coordinating with the different LGUs na will be declared or has been declared Alert Level 1 beginning March 1, 2022 tomorrow.

So right now, mayroon na pong ongoing conversation and coordination po ang DILG natin with the different LGUS na mag mag-a- Alert Level 1. Siyempre, maraming mga katanungan ang ating mga governors and mayors na pinapa-clarify and DILG is on top it.

**USEC. IGNACIO:** Iyong tanong po ni MJ Blancaflor, nasagot na ninyo, about e-sabong. Similar question po sila with Kristina Maralit ng Daily Tribune, Trisha Terada ng CNN Philippines.

From Chino Gascon ng GMA News: Image satellite firm 'Simularity' confirms presence of Chinese militia ships still lingering around Pag-asa Island and Union Banks area. May confirmation ba ang AFP or NTF WPS o West Philippine Sea on this? Has there been any progress with Chinese government even, since we filed a diplomatic protest?

**CABSEC NOGRALES:** Ang mekanismo po natin has always been iyong National Task Force on the West Philippine Sea, sila po iyong nagri-report kung may na-detect po na presence of foreign ships and this is reported to DFA. Ang DFA ay agad in charge na mag-file ng mga diplomatic protests. So ito po iyong official mechanism natin at iyan po iyong dapat nating i-monitor at tingnan kung mayroon ba o nag-fire off ba ng diplomatic protest iyong ating DFA and that the basis of the diplomatic protest is the report to them by the National Task Force on the West Philippine Sea.

**USEC. IGNACIO:** From Kyle Atienza ng Business World: Department of Energy Undersecretary Gerardo Erguiza Jr., said earlier today that the bill seeking to amend the Oil Deregulation Law is still pending in Congress. Does the President support the bill? Will he certify it as urgent especially now that all prices have risen recently amid the Ukraine-Russia crisis?

**CABSEC NOGRALES:** Again, let's refer back to the mechanism 'no. DBCC magbibigay ng recommendation sa Department of Finance, Department of Finance will submit its recommendation to the President and then the President will make his decision. That being said, I would also refer you to the statement ng DBCC. And ayon sa statement ng Development Budget Coordination Committee, "Our government remains ready to provide targeted relief assistance and support to address the impact of the oil price hike for affected sectors especially public utility vehicle drivers, farmers and fisherfolk.

To assist the transport sector, government is preparing to release 2.5-B pesos for the fuel subsidy program of the Department of Transportation. This aims to provide fuel vouchers to cover over 377,000 qualified PUV drivers who are operating jeepneys, UV Express, taxis, tricycles and other fulltime ride-hailing and delivery services nationwide.
In addition, the Department of Agriculture has a budget of P500-M to provide assistance through fuel discounts to farmers and fisherfolk who either individually owned, operate agricultural and fishery machineries or operate through a farmers' organization or cooperative.

Moreover, government is also pursuing a holistic value chain approach to ensure adequate and affordable food supply amidst the rising oil prices. In particular, the Department f Agriculture supports legislation such as Senate Bill Number 139 or the Philippine Livestock Development Industry Act and Senate Bill Number 2176 or the Affordable Pork Act to help ease possible domestic supply constraints and prevent its effects on prices."

**USEC. IGNACIO:** May follow up lang din po si Kyle Atienza ng Business World: The bill seeking to suspend the excise taxes on fuel products is also pending in Congress. Ano daw po ang future ng panukalang ito?

**CABSEC NOGRALES:** Let's await recommendations from the DBCC and our Department of Finance and ultimately, hintayin po natin ano ang magiging desisyon ni Pangulo.
**USEC. IGNACIO:** Opo. From Sam Medenilla ng Business Mirror: Secretary Karlo, will participants for election campaign convoys of 2022 candidates also be mandated to present proofs that they are fully vaccinated against COVID-19? Sino po ang mag-e-enforce nito at ano po ang sanction kung may violation po nito?

**CABSEC NOGRALES:** Let's refer back to the COMELEC guidelines. The COMELEC has issued guidelines on the do's and don'ts on election-related activities at kabilang po diyan iyong convoy kapag Alert Level 1 or Alert Level 2 or whatever alert level.

So, based sa guidelines ng COMELEC mayroon pong nakalagay diyan kung ano ang mga do's and don'ts per alert level. So iyon po ang iri-refer po natin.

**USEC. IGNACIO:** Panghuli na lang po. From Evelyn Quiroz ng Pilipino Mirror: CabSec, may update na po ba sa investigation sa pagbagsak ng PNP chopper na susundo sana kay PNP Chief Dionardo Carlos sa Balesin?

**CABSEC NOGRALES:** May mga nabanggit or nasabi nang mga statements po ang ating Secretary of the Interior and Local Government, si Secretary Año, so we refer you to those statements.

**USEC. IGNACIO:** Thank you CabSec, thank you Usec. Vergeire and kay GM Artes.

**CABSEC NOGRALES:** Maraming-maraming salamat Usec. Rocky at maraming salamat din po kay Usec. Rosette and of course to GM Artes.

Mga kababayan, sa pangunguna ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte sa pambansang pagtugon, malayo na ang ating narating kung pakikiisa lamang din naman ang pag-uusapan. Heto nga at sasampa na tayo bukas sa Alert Level 1 dito sa NCR at tatlumpu't walo pang mga lugar sa bansa. Patunay ito sa bisa at kapangyarihan ng pagtutulungan. Mula sa masusing pagsunod sa mga patakaran at ibayong pag-iingat, hanggang sa pagtugon sa panawagan ng malawakang pagbabakuna, umangat ang natatanging kultura Pilipino sa pagbabayanihan. Ito ang naging susi kung bakit maraming mga lugar sa bansa ay magluluwag na simula bukas, a-uno ng Marso 2022.

Tagumpay mang maituturing ang ating pagsampa sa Alert Level 1, hindi pa panahon para magdiwang. Kailangan pa rin po nating maging responsable sa ating sarili, sa ating pamilya at

sa ating komunidad. Bagama't ating naaagapan, nasa gitna pa rin natin ang banta ng COVID-19.

Kaya patuloy ang ating paalala at panawagan sa pagbabakuna. Ang mga bakunang binibigay ng pamahalaan ay garantisadong dekalidad, ligtas at epektibo. At sa mga nabakunahan na, huwag kalimutang magpa-booster. For those whose children aged five to eleven (5-11) are now qualified to receive vaccines, please have your children vaccinated. Dagdag proteksiyon ang mga ito.

Lagi din po nating tandaan ang mga basics: Ang tamang pagsusuot ng mask, ang paghuhugas ng kamay at ang pagtiyak na may sapat na air flow sa loob at labas ng inyong mga tahanan, workplace at mga establisyimentong pinapasukan. Kumain ng masusustansiya at balanse. Matulog nang sapat, at ugaliing mag-exercise. Stay safe and healthy, Pilipinas. Bida tayo sa New Normal.

Today, we are reaping the rewards of collective action. It is collective action that has resulted in more than just relaxed restrictions in our daily lives. It also means reduced restrictions that will contribute to more livelihood opportunities and better incomes for many of our kababayan.

Ganoon pa man, huwag po nating kalimutang magpasalamat sa Poong Maykapal. Ipanalangin natin ang lubos na pag-galing ng ating bansa mula sa pandemyang ito.

Maraming salamat po. May all of you have a pleasant, safe and productive week ahead.

God Bless!

##

--
*News and Information Bureau-Data Processing Center*